KBCF




# Bible Study

## Small Group Session

**Juan 8:31-38**

MARCH 12-18, 2023

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

## Juan 8:31-38

Pagtugon

Pag-unawa

Pagtuklas

# Juan 8:31-38

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Ang Katotohanan ang Magpapalaya sa Inyo

31 Sinabi naman ni Jesus sa mga Judiong naniniwala sa kanya,
“Kung patuloy kayong susunod sa aking turo, kayo nga'y tunay
na mga alagad ko. 32 Makikilala ninyo ang katotohanan, at
ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.”

33 Sumagot sila, “Kami ay mula sa lahi ni Abraham, at
kailanma'y hindi kami naalipin ninuman. Paano mo
masasabing palalayain kami?”

# Juan 8:31-38

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

34 Sumagot si Jesus, "Pakatandaan ninyo: ang gumagawa ng
kasalanan ay alipin ng kasalanan. 35 Ang alipin ay hindi kabilang sa
pamilya sa habang panahon, subalit ang anak ay kabilang
magpakailanman. 36 Kung ang Anak ang magpalaya sa inyo, kayo
nga'y magiging tunay na malaya. 37 Alam kong kayo'y mula sa lahi
ni Abraham, gayunma'y pinagsisikapan ninyo akong patayin,
sapagkat ayaw ninyong tanggapin ang aking turo. 38 Ang nakita
ko sa aking Ama ang siya kong sinasabi sa inyo, at ang narinig
ninyo sa inyong ama ang siya namang ginagawa ninyo."

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Bilang isang tunay na alagad ni Hesus, ako ay mananatiling tapat sa pagsunod sa Kanyang mga katuruan upang mamuhay nang malaya sa pagka-alipin ng kasalanan.

## Pagtuklas 1

Juan 8:31-38

# Sino-sino ang mga kausap ni Hesus sa talata at ano ang sinasabi Niya sa kanila (vv. 31-32)?

Pagtuklas 2

Juan 8:31-38

# Ano ang tugon ng mga kausap ni Hesus sa Kanyang sinabi  (v. 33)?

Pagtuklas 3

Juan 8:31-38

# Ano ang naging reaksyon ni Hesus sa tugon ng mga Hudyong ito?

## Pag-unawa

Juan 8:31-38

# 1

Sinabi ni Hesus sa v. 32 na, “Makikilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.” Ano ang katotohanan na makapagpapalaya sa mga mananampalataya mula sa pagka-alipin ng kasalanan?

## Pag-unawa

Juan 8:31-38

# 2

Sa v. 37, sinabi ni Hesus na may mga taong galing sa lahi Abraham na pinagsisikapan siyang patayin. Ano ang ibig sabihin nito?

# Pagtugon 1

Juan 8:31-38

Ang pagsunod kay Hesus ay nangangahulugan nang hindi lamang ng pagtawag sa Kanya ng "Panginoon," kundi nang pagsuko ng ating buhay sa Kanyang paghahari. Ang mga tunay na mananampalataya ni Hesus ay sumusunod sa Kanyang mga katuruan sa Bibliya.  Ikaw ba ay isang tunay na  Kristiyano o nagpapanggap lamang? Ibahagi ang iyong sagot sa iyong mga ka-grupo.

# Pagtugon 2

Juan 8:31-38

Ang talatang ating pinag-aralan ay nagbigay ng babala tungkol sa mga katuruan ng tao na maari nating sinusunod bilang mga kautusan ng Diyos, sinasadya man natin ito o hindi.  Paano mo sinisiguro na ikaw ay sumusunod sa katotohanan at hindi sa mga kasinungalingan ng tao?

# Pagtugon 3

Juan 8:31-38

Ano-ano ang mga katuruan ni Hesus na nagbalik sa iyo sa tamang landas at nagpalaya sa iyo mula sa kasalanan sa iyong buhay?  Ibahagi ito sa iyong mga ka-grupo upang makatulong din ito sa kanila.

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Bilang isang tunay na alagad ni Hesus, ako ay mananatiling tapat sa pagsunod sa Kanyang mga katuruan upang mamuhay nang malaya sa pagka-alipin ng kasalanan.

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

## Juan 8:31-38

Pagtugon

Pag-unawa

Pagtuklas


Small Group Sessions
CLOSING PRAYER

KBCF




# Bible Study

Small Group Session

**Juan 8:31-38**

SEE YOU NEXT WEEK!


KBCF
#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines
Worship Service Schedule: 9am
Livestream: Facebook and YouTube
kbcf.org.ph
KBCFofficial
KBCFamily
kbcf.office@gmail.com
0917-886-6650
8927-7420 | 8928-6584